Australian Government
Department of Health and Aged Care



# 24/7 na mga rehistradong nars sa mga tahanan ng pangangalaga sa matatanda (aged care homes)

**Mula ika-1 ng Hulyo 2023, lahat ng mga aged care home ay nangangailangan ng kahit man lang isang rehistradong nars na naroon sa tahanan para mangalaga sa mga residente sa lahat ng oras - 24 oras sa isang araw, bawat araw ng linggo.**

Nangangahulugan ito na ang mga taong naninirahan sa aged care homes sa buong Australya ay may mas mahusay na akses sa mga rehistradong nars upang tumulong sa pangangalaga para sa kanila at pangasiwaan ang mga emerhensiya.

## Bakit ito importante?

Ang pagkakaroon ng isang rehistradong nars na naroon sa anumang oras ng araw o gabi ay nangangahulugan na ang mga residente sa tahanan ay may akses sa klinikal na pangangalaga sa tuwing kailangan nila ito. Ang mga rehistradong nars ay nagbibigay ng mahahalagang medikal na paggamot, binabawasan ang panganib ng pinsala sa mga residente at tumutulong na maiwasan ang mga hindi kinakailangang biyahe sa mga emergency room ng ospital. Sila ay sinanay upang kilalanin at tumugon sa mga pagbabago sa mga pangangailangan sa pangangalaga ng mga residente, maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga plano sa pangangalaga, pamahalaan ang mga gamot at iba pang mga nars na nagtatrabaho sa ilalim ng kanilang pangangasiwa.

## Paano kung walang rehistradong nars na naroon sa lahat ng oras sa aking aged care home?

Minsan, hindi magagawang tuparin ng mga aged care home ang responsibilidad na ito. Halimbawa, ang isang rehistradong nars ay maaring hindi makapasok sa trabaho dahil siya ay may sakit o hindi maganda ang pakiramdam at ang aged care home ay maaring hindi makapag-organisa ng kapalit kaagad-agad. Dapat may alternatibo o back up na plano ang mga aged care home kapag nangyari ito.

Sa ilang bahagi ng Australya, tulad ng rehiyonal at liblib na mga lugar, maaaring mahirapan ang mga aged care home na magkaroon ng isang rehistradong nars sa tahanan paminsan-minsan o sa lahat ng oras. Nakikipagtulungan ang Gobyerno sa lahat ng mga aged care home upang tulungan silang makakuha ng mas maraming rehistradong nars.

Kung saan walang mga rehistradong nars dahil sa kakulangan ng manggagawa, kailangang magkaroon ng mga alternatibong plano upang matiyak na ang mga residente ay makakatanggap pa rin ng ligtas at de-kalidad na pangangalaga.

Maaaring makakuha ng eksemsyon sa responsiblidad na magkaroon ng 24/7 na rehistradong nars ang ilang mga aged care home na nasa rehiyonal at liblib na mga lugar kung maipapakita nila na matutugunan pa rin nila ang mga pangangailangang klinikal na pangangalaga ng kanilang mga residente kapag walang personal na rehistradong nars.

Ang lahat ng mga aged care home ay kailangang mag-ulat buwan-buwan kung paano nila natutugunan ang bagong responsibilidad na magkaroon ng kahit isang rehistradong nars na naroon sa lahat ng oras.

## Nakalathala ba ang impormasyon tungkol sa 24/7 na saklaw ng rehistradong nars?

Maaari mong makita kung aling mga aged care home ang mayroong 24/7 na rehistradong nars sa pamamagitan ng My Aged Care Find a Provider [Maghanap ng Provider] sa Staffing Star Rating tab: www.myagedcare.gov.au/find-a-provider/

Maaari mo ring makita ang 24/7 RN dashboard na inilalathala bawat buwan na nagpapakita ng saklaw ng rehistradong nars para sa lahat ng mga aged care home sa Australya.

## Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa mga nagtatrabaho sa isang aged care home?

Ang Aged Care Quality and Safety Commission ay tumutulong na protektahan ang kalidad ng buhay para sa mga taong naninirahan sa mga aged care home. Tutugon ang Komisyon kung saan may mga alalahanin tungkol sa pangangalagang ibinibigay. Maaaring kabilang dito ang paghiling ng karagdagang impormasyon mula sa provider o pag-aatas sa provider na kumilos nang walang pagkaantala.

Kung nag-aalala ka tungkol sa mga nagtatrabaho sa isang aged care home, maaari kang magreklamo sa Komisyon sa pamamagitan ng pagbisita sa agedcarequality.gov.au/making-complaint o tumawag sa 1800 951 822.

## Sama-sama nating baguhin ang pangangalaga sa matatanda

Inaanyayahan namin ang mga Australyano na ipagpatuloy na magbigay ng kanilang opinyon tungkol sa mga reporma sa pangangalaga sa matatanda.

Bumisita sa **agedcareengagement.health.gov.au**

Tumawag sa **1800 318 209** (Linya ng telepono para sa libreng tawag sa reporma sa pangangalaga sa matatanda)

Para sa mga serbisyo ng pagsasalin, tumawag sa 131 450 at magpakonekta sa 1800 318 209. Upang gamitin ang National Relay Service, bumisita sa nrschat.nrscall.gov.au/nrs para piliin ang iyong gustong access point sa kanilang website, o tumawag sa NRS Helpdesk sa 1800 555 660.